

PRAYMER HINGGIL SA

# desaparecidos

SA PILIPINAS

ANG **SAPILITANG PAGKAWALA** O ***ENFORCED DISAPPEARANCE*** ay isa sa pinakamalubhang paglabag sa karapatang pantao. Hindi ito simpleng pagkawala ng tao - ito ay sistematikong pagdukot, pagpapahirap at pagtatago sa isang indibidwal, na isinasagawa ng mga ahente ng gobyerno o mga grupong kumikilos na may basbas ng gobyerno. Layunin nitong patahimikin ang biktima, pigilan ang kanyang adbokasiya, at maghasik ng takot sa kanyang pamilya at mas malawak na mamamayan.



# Ano ang sapilitang pagkawala?

Ang sapilitang pagkawala ay tumutukoy sa lihim na pag-aresto, pagdukot, o pagkukulong ng isang tao ng mga puwersa ng gobyerno tulad ng pulis, sundalo, paramilitar, o mga ahenteng kumikilos para sa gobyerno, kasabay ng pagtanggi ng kanilang krimen at pagtatago ng impormasyon tungkol sa kinaroroonan o kalagayan ng biktima.

May tatlong pangunahing elemento ito:
1. Pagkakait ng kalayaan (pagdukot, pag-aresto, o detensyon)
2. Sangkot ang gobyerno o mga ahente nito
3. Pagtanggi ng krimen o pagtatago ng impormasyon



Dahil dito, nilalabag ang karapatan ng biktima sa due process at sa kalayaan. Isa itong **nagpapatuloy na krimen** hanggang hindi natutukoy ang kinaroroonan o sinapit ng nawawala. Kasabay nito, patuloy ding nagdurusa ang pamilya na walang kasiguraduhan kung buhay pa ba o patay na ang kanilang mahal sa buhay.

# Gaano karami ang mga kaso ng sapilitang pagkawala sa Pilipinas?


Matagal nang umiiral sa Pilipinas ang sapilitang pagkawala. Kadalasang biktima ay mga manggagawa, magsasaka, katutubo, kababaihan, kabataan, at iba pang sektor na kritikal sa gobyerno at mga ugat ng kahirapan at pagsasamantala sa lipunan.

Ang unang naitalang kaso ay kay Charlie del Rosario noong 1971. Sa ilalim ng diktadurang Marcos Sr., umabot sa 759 ang naitalang desaparecidos.

Nagpatuloy ang mga kaso sa iba't ibang administrasyon: 821 sa panahon ni Corazon Aquino, 39 kay Fidel V. Ramos, 26 kay Joseph Estrada, 206 kay Gloria Macapagal-Arroyo, 29 kay Benigno Aquino III, 20 kay Rodrigo Duterte, at 16 sa kasalukuyang administrasyong Marcos Jr.


# Ano ang mga tampok na kaso ng sapilitang pagkawala o mga desaparecidos?

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga tampok na kaso ng sapilitang pagkawala sa bansa, na kumakatawan sa libu-libong biktima ng pagdukot at pagkawala – mga indibidwal na ninakaw mula sa kanilang mga pamilya at komunidad, at hanggang ngayon ay patuloy na nawawala, at hinahanap:



ARMANDO PORTAJADA

**Armando Portajada (1987)** – Presidente ng unyon ng mga manggagawa ng Coca-Cola, dinukot noong Hulyo 31, 1987 sa Makati at hindi na nakita mula noon.

**Roberto Pascual, Sr. (1988)** – Organisador ng maralita sa komunidad ng Navotas, dinukot ng mga armadong lalaki sa kanilang bahay sa harap ng kanyang asawa at mga anak, noong Abril 7, 1988.


ROBERTO PASCUAL, SR.

**Manuel Manaog (1990)** – Organisador sa komunidad, dinukot nang siya ay pauwi upang ipagdiwang ang Father's Day kasama ng kanyang anak noong Hunyo 17, 1990.


HONOR AYROSO AT JOHNNY ORCINO

**Honor Ayroso at Johnny Orcino (2002)** – Mga organisador ng magsasaka na dinukot ng mga pinaghihinalaang tauhan ng militar noong Pebrero 9, 2002 sa San Jose City, Nueva Ecija. Si Johnny ay dating provincial coordinator ng partylist na Bayan Muna, habang si Honor naman ay kasapi nito.


KAREN EMPEÑO AT SHERLYN CADAPAN

**Sherlyn Cadapan at Karen Empeño (2006)** – Mga aktibista at organisador ng magsasaka na dinukot noong Hunyo 26, 2006 sa Hagonoy, Bulacan, kasama ng magsasakang si Manuel Merino. Sinampahan ng kaso ang mga sangkot sa kanilang pagkawala, kabilang si Jovito Palparan na kalaunan ay nahatulan ng reclusion perpetua, ngunit nananatiling desaparecido ang dalawa at si Merino.



GLORIA SOCO



PRUDENCIO CALUBID




CELINA PALMA

**Prudencio Calubid, Celina Palma, Gloria Soco, Ariel Beloy (2006)** – Si Calubid, consultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ang kanyang asawang si Palma, ang pamangkin nilang si Soco, at isang staff ng NDFP na si Beloy, ay dinukot nang harangin ang kanilang sinasakyan ng mga di-unipormadong sundalo sa Maharlika Highway, Sipocot, Camarines Sur noong Hunyo 26, 2006. Kasama nilang dinukot si Antonio Lacno, ngunit nakatakas at nagsalaysay siya kung paano sila pinosasan at dinala sa iba't ibang lugar para isailalim sa interogasyon at pahirapan. Di na natukoy ang kinaroroonan ng apat matapos silang dukutin.



ARIEL BELOY



CESAR BATRALO

**Cesar Batralo (2006)** – Organisador ng mga magsasaka sa Timog Katagalugan at consultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), dinukot noong Disyembre 21, 2006 sa San Mateo, Rizal.

**Leo Velasco (2007)** – Consultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), dinukot sa Cagayan de Oro noong Pebrero 19, 2007 ng mga armadong lalaking nagpakilalang ahente ng gobyerno. Hanggang ngayon ay nawawala pa rin.



LEO VELASCO



ABNER HIZARSA

**Abner Hizarsa (2007)** – dating kabataang aktibista noong batas militar, naging organisador ng mga magsasaka sa Central Luzon, at apat na beses nang inaresto, ikinulong, sinampahan ng mga gawa-gawang kaso at tinortyur. Papunta siya sa eskwelahan ng kanyang anak upang maghatid ng baon, noong siya ay dinukot noong Marso 22, 2007 sa Subic, Zambales.

**Luisa Posa-Dominado at Nilo Arado (2007)** – ilang beses nang naging bilanggong pulitikal si Posa-Dominado, kaya naging tagapagsalita ng Selda, habang si Arado ay tagapangulo ng Bagong Alyansang Makabayan sa isla ng Panay. Sinundan at hinarang ang kanilang sinasakyan ng mga ahente ng estado sa Oton, Iloilo at dinukot noong Abril 12, 2007.



LUISA POSA-DOMINADO AT NILO ARADO



JONAS BURGOS

**Jonas Burgos (2007)** – Agriculturist at aktibista na dinukot noong Abril 28, 2007 sa isang mataong mall sa Quezon City habang sumisigaw ng "Aktibista ako!". Natagpuan ang sasakyang ginamit sa pagdukot sa loob ng isang kampo ng militar, ngunit ibinasura ang mga kasong isinampa dahil umano sa kakulangan ng ebidensya.

**James Balao (2008)** – kasapi at tagapagtatag ng Cordillera People's Alliance at miyembro ng katutubong Ibaloi at Kankanaey, dinukot noong Setyembre 17, 2008 sa La Trinidad, Benguet.



JAMES BALAO



JOHN CALABA

**John Calaba (2015)** – Katutubong Manobo na aktibong tumututol sa pagmimina at pagtotroso ng DMCI sa Sultan Kudarat. Noong Abril 30, 2015, inimbitahan siya ng mga guwardiya ng kumpanya at mula noon ay hindi na muling nakita.

**Joey Torres, Sr. (2018)** – regional coordinator ng mga magsasaka sa Central Luzon para sa Bayan Muna partylist, at dati nang naging biktima ng pagdukot at sapilitang pagkawala kasama ng kanyang asawa, ngunit nahanap. Dinukot noong Setyembre 22, 2018, at patuloy na nawawala hanggang ngayon.



JOEY TORRES, SR.

**Honey Mae Suazo (2019)** – dating secretary general ng Karapatan sa Southern Mindanao Region (SMR). Dumalaw siya sa mga kaanak sa panahon ng Undas nang siya ay nawala noong Nobyembre 2, 2019 sa Panabo City, Davao del Norte. Mag-isa siyang umalis, ngunit di katagalan ay tumawag at sinabing may sumusunod sa kanya. Hindi na siya muling tumawag at nakita pa mula noon.



HONEY MAE SUAZO




STEVE ABUA

**Steve Abua (2021)** – dating kasapi ng League of Filipino Students, at naging organisador ng mga magsasaka sa Central Luzon. Papunta sana siya sa isang pulong ng mga magsasaka ngunit di na nakarating, noong Nobyembre 6, 2021 sa Lubao, Pampanga. Nag-video call pa ang mga dumukot sa kanyang asawa at ipinakita si Abua na nakagapos at nakapiring ang mata. Sinabihan siyang di na makikita ang asawa dahil ayaw niyang "makipagtulungan" sa mga dumukot.

**Dexter Capuyan at Gene Roz Jamil "Bazoo" de Jesus (2023)** – Dinukot noong Abril 28, 2023 sa Taytay, Rizal. Noong 2025, kinilala ng Court of Appeals ang kanilang kaso bilang enforced disappearance na may posibleng sangkot na ahente ng estado. Patuloy silang nawawala hanggang sa kasalukuyan.



DEXTER CAPUYAN AT BAZOO DE JESUS




WILLIAM LARIOSA

**William Lariosa (2024)** – beteranong organisador ng mga manggagawa sa plantasyon ng tubo at pinya sa Bukidnon ng Kilusang Mayo Uno – Southern Mindanao, dinukot ng mga sundalo noong Abril 10, 2024 sa Quezon, Bukidnon.

**James Jazmines at Felix Salaveria Jr. (2024)** – Magkasunod na dinukot noong Agosto 23 at Agosto 28, 2024 sa Tabaco City, Albay. Si Jazmines ay dating organisador ng manggagawa, habang si Salaveria ay environmental advocate at community organizer. Nairekord sa CCTV ng barangay ang pagdukot sa kanila ng mga van.



JAMES JAZMINES
AT FELIX SALAVERIA JR.



# Ano ang epekto ng sapilitang pagkawala o enforced disappearance sa mga pamilya, komunidad, at sa lipunan?

Malalim at malawak ang epekto ng mga kaso ng **sapilitang pagkawala** o enforced disappearance, hindi lamang sa mismong biktima kundi pati sa kanilang pamilya, komunidad, at sa buong lipunan.

Matinding pagdurusa ang dulot nito sa mga pamilya, dahil nananatiling walang katiyakan kung buhay pa o patay na ang kanilang nawawalang mahal sa buhay. Nag-iiwan din ito ng matinding sikolohikal na trauma, kasama ang hirap at pagod sa paghahanap ng katotohanan at hustisya.

Apektado rin ang kabuhayan ng mga pamilya sa pagkawala ng mga tumutustos, o may kontribusyon dito. Kasabay nito, napipilitan ang mga pamilya na gumastos para sa paghahanap, mga ligal na proseso, at iba pang gastusin, na lalo pang nagpapahirap sa kanilang pinansyal na sitwasyon.

Sa mga komunidad naman, nagbubunga ito ng takot at pangamba. Pinipigilan nito ang maraming tao na makilahok sa kolektibong pagkilos o magsalita laban sa mga paglabag sa karapatan ng mamamayan, dahil sa takot na maging biktima rin ng panunupil.

Sa mas malawak na lipunan, lumalakas ang kultura ng kawalang-pananagutan sa pagpapatuloy ng mga kaso ng pagdukot.

Pinatitibay ng patuloy na pag-iral ng sapilitang pagkawala o enforced disappearance ang kawalang-hustisya at kawalan ng demokrasya sa lipunan.

# May mga batas o patakaran ba laban sa sapilitang pagkawala sa Pilipinas?

Sa Pilipinas, umiiral ang mga batas, kapwa lokal at internasyunal, na dapat ay tumutugon sa paglabag na pagdukot at sapilitang pagkawala.

Sa ilalim ng **Republic Act 10353 o Anti-Enforced or Involuntary Disappearance Act of 2012**, tahasang itinuturing na krimen ang sapilitang pagkawala, na may mabibigat na parusa sa mga may sala, at kinikilala ang karapatan ng mga biktima at kanilang pamilya na malaman ang katotohanan at makakuha ng hustisya; kinikilala rin nito ang enforced disappearance bilang hiwalay at mas mabigat na krimen na hindi lamang maituturing na kidnapping o illegal detention, at nagbibigay ito ng mga proteksyon at mekanismo para sa mga pamilya laban sa pananakot at para sa kanilang akses sa impormasyon at legal na remedyo.

Kaugnay nito, may mga hudisyal na remedyo (judicial remedy) tulad ng **Writ of Amparo**, na ginagamit upang protektahan ang karapatan sa buhay, kalayaan, at seguridad at upang obligahin ang estado na kumilos agad sa mga kaso ng paglabag, at **Writ of Habeas Data**, na nagbibigay sa mga biktima at kanilang pamilya ng karapatang makuha, suriin, at maitama ang mga impormasyong hawak ng estado na may kinalaman sa kanilang seguridad o kinaroroonan.

Sa pandaigdigang antas, nariyan ang **UN Convention on Enforced Disappearance** na nag-oobliga sa mga estado na pigilan, imbestigahan, at parusahan ang mga kaso ng sapilitang pagkawala at tiyakin ang karapatan ng mga biktima sa katotohanan at hustisya, kasama ang iba pang human rights instruments na nagsisilbing pamantayan sa proteksyon ng karapatang pantao at batayan sa pananagutan sa mga paglabag. Hindi pa lumalagda sa kumbensyong ito ang Gobyerno ng Republika ng Pilipinas.

Kung hindi man kulang, ay napawalang saysay ang mga batas na ito upang pigilan ang mga pagdukot, at panagutin ang mga maysala, dahil higit na namamayani ang kawalang pananagutan sa mga kaso.



# Bakit nga ba may sapilitang pagkawala?

Ginagawa ito para patahimikin ang mga taong kritikal sa gobyerno, militar, o makapangyarihang interes – tulad ng mga lider at organisador ng mga manggagawa, magsasaka, katutubo, kababaihan, kabataan, at iba pa. Ginagamit din ito bilang taktika ng pananakot para pigilan ang mamamayan na kumilos o magsalita. Habang may mga dinudukot at nawawala, nagkakaroon ng takot ang mga tao at komunidad, na nakakaapekto sa sama-samang pagkilos o pagtutol sa mga problemang dulot ng mga nasa kapangyarihan.

Bahagi ng lahat ng patakaran ng panunupil o mga kontra-insurhensyang patakaran ng gobyerno, ang paggamit ng pagdukot at sapilitang pagkawala. Hindi man nila ito hayagang aminin, ngunit ang mga pamamaraan, ang pattern ng mga pagdukot, at ang mismong testimonya ng mga biktima at survivor, ay nagpapatunay, na walang ibang may motibo, kakayahan at rekurso para isagawa ang mga pagdukot at pagkawala – ang paggamit ng maraming tauhan para sa paniniktik o surveillance, ang paggamit ng mga safehouses, ang sapilitang pagpapasuko para ituro ang mga biktima – walang iba, kundi ang estado.

Habang walang napapanagot, at patuloy na namamayagpag sa kapangyarihan ang mga nagpatupad at nagsasagawa ng mga pagdukot, laging nariyan ang panganib ng pagdukot at sapilitang pagkawala.

Marapat lang na manawagang itigil ang sapilitang pagkawala, at ilitaw ang mga desaparecidos.






# Ano ang ating magagawa?



**Ipalaganap at ipaliwanag sa pinakamarami ang krimen ng sapilitang pagkawala**, kung bakit dapat manawagang ilitaw ang mga desaparecidos. Gamitin ang praymer na ito para ipaliwanag ang sapilitang pagkawala bilang isa sa pinakamasahol na paglabag sa karapatang pantao.

**Suportahan ang mga pamilya at kaibigan ng desaparecidos.** Makiisa sa mga gawain at aktibidad ng Desaparecidos, organisasyon ng mga pamilya, tulad ng pagdalo sa mga aktibidad, dokumentasyon ng mga kaso, pagsama sa mga paghahanap o *search mission, psychosocial debriefing* ng mga kaanak, at iba pa. Maaari ring mag-ambag ng pinansyal o materyal na tulong para sa mga pamilya.





**Tumulong sa paggigiit na ipatupad ang mga ligal na mekanismo** tulad ng Writ of Amparo at Writ of Habeas Data, pati na ang pagtulak sa pagpapatupad ng RA 10353 para mapanagot ang mga maysala.

**Makiisa at makilahok sa mga pagkilos at kampanya**, at igiit sa estado na itigil ang sapilitang pagkawala, ilitaw ang mga desaparecidos, at panagutin ang mga maysala.





KARAPATAN

Desaparecidos
FAMILIES OF THE DISAPPEARED FOR JUSTICE

Agosto 2026